JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Husaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan-Modyul 5:

### Mga Epekto ng mga Gawaing Pansibiko sa Pag-unlad ng Bansa



**Pangalan ng Mag-aaral:** ______________________________

**Baitang at Pangkat:** ______________________________

**Pangalan ng Paaralan:** ______________________________

**Araling Panlipunan – Ika-anim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ika-apat na Markahan – Modyul 5: Mga Epekto ng mga Gawaing Pansibikosa Pag-unlad ng Bansa**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang ano mang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Joan P. Reyes | |
| **Editor:** | Rose Vick E. Talic | |
| **Tagasuri:** | Rose Vick E. Talic / Vilma C. Velasco | |
| **Tagalapat:** | Franklin E. Benitez | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent | |
| | Lourma L. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Monina R. Antiquina, E.M.D. | - Education Program Supervisor- Aral Pan |
| | Joy O. Campiseňo | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |
| | Gina D. Regencia | - Principal, Punta Central School |

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX, Dipolog City Division
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065)212-6986 and(065) 212-5819
E-mail address: dipolog.city@deped.gov.ph



# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Natutukoy ang epekto ng mga gawaing nagpapakita ng kagalingang pansibiko sa pag-unlad ng bansa;
- Nakagagawa ng mga paraan upang makatulong sa kapwa;
- Napahahalagahan ang mga kabutihang ipinamalas ng bawat isa



# Balikan

**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng kagalingang pansibiko sa pamamagitan ng pagkompleto ng pangungusap. Hanapin ang nawawalang salita sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| mararanasan | mamamayang | pinakamataas |
| kapalit | pangangailangan | |

Ang kagalingang pansibiko ang (1.) _______________ na kabutihang makakamit at (2.) _______________ ng mga mamamayan. Sakop ng kagalingang pansibiko ang mga (3.) _______________ sa edukasyon, kalikasan, hanapbuhay at iba pang pinagtutulungan ng mga (4.) _______________ matugunan nang may pagkukusa at walang inaasahang (5.) _________________.

| Aralin 5 | Mga Epekto ng mga Gawaing Pansibiko sa Pag-unlad ng Bansa |
|---|---|



# Tuklasin

Awitin at pag-aralan ang mensahe ng awiting "Pagtulong sa Kapwa"

Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=g5WuVljTSbY

**"Pagtulong sa Kapwa"**

Ang pagtulong sa kapwa
Ay mabuting gawain
Ito'y may gantimpalang
Naghihintay sa atin

Bawat pagkakataon
Ay samantalahin
Pagpapala ng Diyos
Ang ating kakamtin

Mga tanong ukol sa awitin. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

1. Naranasan mo na bang tumulong sa kapwa?
   ______________________________________________________
2. Ano ang iyong nararamdaman kapag ikaw ay tumutulong sa kapwa?
   ______________________________________________________
3. Sa tuwing ikaw ay tutulong, dapat ba ay may hinihintay na kapalit?
   ______________________________________________________



## Suriin

Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

**Epekto ng mga Gawaing Pansibiko sa Bansa**

May iba't ibang uri ng gawaing pansibiko. Maaari itong gampanan ng indibiduwal, grupo o kung sinuman bata o matanda, batay sa kaniyang kakayahan. Maaaring malawak ang sakop at pangmatagalan ang gawaing pansibiko na sinasalihan lalo na ng nakatatanda.

Sa kabuuan, maaaring tingnan sa dalawang mukha ang naidudulot ng gawaing pansibiko.

Una, ang **pagbibigay ng kagyat na lunas**. Dahil sa mga mamamayang nagkukusang-loob na tumugon sa panahon ng kagipitan, nagiging mabilis ang proseso ng pag-abot ng tulong sa mga nasalanta ng kalamidad, pagsagip ng buhay kapag may aksidente, at pagbibigay ng agarang lunas sa mga nakararanas ng gutom at sakit.

Pangalawa, ang **pangmatagalang epekto ng mga gawain at proyekto**. Mga programang tulad ng pagbibigay ng libreng pag-aaral sa mga kabataan, programang pangliterasi sa mga di nakapag-aral, at pangkabuhayan para sa mga grupong etniko ang ilang halimbawa nito. Nangyayari ito sa mahabang panahon kung saan ang resultang matatamasa ay panghabambuhay.



# Pagyamanin

**Panuto:** Pagmasdan ang mga larawan. Gumuhit ng ♡ sa loob ng kahon na nasa tabi ng larawan kung ang epekto ng gawaing pansibiko ay pangmatagalan at ☆ kung ang epekto ng gawain ay panandalian.

1. 

3. 

2. 

4. 

5. 



# Gawain

**Panuto:** Isulat sa patlang bago ang bilang ang letra ng gawaing pansibikong tinutukoy sa bawat pahayag.

**A - Kalikasan**
**B - Kalusugan**
**C - Pampalakasan**
**D - Edukasyon**

______1. Pagsasagawa ng pagsasanay sa pagpipinta ng mga batang lansangan.
______2. Pagsasagawa ng libreng operasyon para sa mga may biyak na labi.
______3. Pagbubuo ng liga para sa palaro sa inyong barangay.

______4. Pagpunta sa komunidad ng mga Subanen upang maranasan ang pang-araw-araw nilang pamumuhay at makatulong sa kanila.
______5. Pagsama sa pagtatanim ng maliliit na puno sa bulubundukin ng Mt. Danao na matatagpuan sa Sergio Osmeña, Zamboanga del Norte.



# Isaisip

**Panuto:** Ayusin ang mga pinaghalong letra sa bawat bilang upang mabuo ang mga konseptong iyong napag-aralan.

1. May dalawang **(KUMAH)** ___________ ng kabutihang naidudulot ang gawaing pansibiko.

2. Isang mukha nito ang kagyat na **(PGONGATU)** ________________ sa mga nangangailangan.

3. Ang isa pa ay ang pangmahabang-panahong **(TLDUO)** ___________ nito sa tao at sa bansa.



# Tayahin

**Panuto:** Tukuyin ang mga sumusunod na gawaing pansibiko. Isulat ang salitang **<u>PT</u>** kung pangmatagalan ang epekto ng gawaing isinasaad bilang kabahagi sa pag-unlad ng ating bansa at **<u>PN</u>** kung ito ay panandalian lamang. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

_____1. Nagbigay ng dugo si Aling Rowena sa Red Cross.
_____2. Nagtuturo ang sampung taong gulang na si Carmela sa Barangay Day Care.
_____3. Nanguna sa paglalagay ng maliliit na watawat ng Pilipinas si Miguel para sa pagdiriwang ng pambansang araw ng kalayaan.
_____4. Taon-taon, bumibisita sa bilangguan ang ilang piling mag-aaral sa paaralan nila Jun upang magbigay ng kasiyahan sa mga preso. Ikaapat na taon na siyang nagkukusang-loob na maghandog ng palabas para sa kanila.
_____5. Hinihikayat ni Aling Edna ang mga kapitbahay na paghiwalayin ang mga basura sa kanilang komunidad. Ito ay bilang pagsuporta sa proyekto ng munisipyo hinggil sa pangangalaga sa kalikasan.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Magtala ng isang gawaing pansibiko na may epektong **panandalian** na sa tingin mo kaya mong gawin sa mura mong edad at isang gawaing pansibiko naman na may epektong **pangmatagalan** na makatutulong sa pag-unlad ng ating bansa. Maaari kang mamili at maisulat ang iyong kasagutan sa Gawain.

**Pamantayan sa Paggawa at Pagbibigay ng iyong puntos (Rubrik)**

| Pamantayan | Mahusay na Mahusay<br>5 | Mahusay<br>3 | Kailangan pang Paunlarin<br>2 |
|---|---|---|---|
| **Halimbawa ng Gawaing Pansibiko** | Nakapagbigay ng isa at wastong halimbawa ng gawaing pansibiko na may epektong panandalian at isa ring gawaing pansibiko na may epektong pangmatagalan. | Nakapagbigay ng isang wastong gawain sa isa sa mga epekto ngunit ang isa ay hindi angkop | Ang mga ibinigay na halimbawa ay walang kaugnayan sa hinihinging kasagutan |
| **Impormasyong Ibinahagi** | Sapat ang mga detalye at ang mga salitang ginamit | May isa hanggang dalawang kakulangan sa mga detalyeng dapat ibinahagi. | Magulo, halos walang detalyeng ibinahagi |

## *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1. pinakamataas
2. mararanasan
3. pangangailangan
4. mamamayang
5. kapalit

**Gawain**

1. D
2. B
3. C
4. D
5. A

**Isaisip**

1. MUKHA
2. PAGTUGON
3. DULOT

**Tayahin**

1. PN
2. PT
3. PN
4. PT
5. PT

**Pagyamanin**

1. ☆
2. ♡
3. ♡
4. ♡
5. ☆

## *Sanggunian*


Araling Panlipunan 4, Patnubay ng Guro

Araling Panlipunan 4, Kagamitan ng Mag-aaral

Obreque, Grace Ann G., and Jolie G. Chua. 2019. "Araling Panlipunan 4 Yunit IV-Aralin 5." Deped LR Portal. 2019. https://lrmds.deped.gov.ph/detail/17684.

https://images.app.goo.gl/qCumZ9rrEHysMXMu8
https://images.app.goo.gl/oww5UwGC6po2YL3F9
https://images.app.goo.gl/PzvMutjLK2YGMzYy6
https://images.app.goo.gl/zC7dUk5q7Xfi1eKw9
https://images.app.goo.gl/KNoFJVLk7jSyafGT7